# Ang mga gawain ay anim at ang mga tao ay apat. [Sa mga gawain] mayroong dalawang tagapag-obliga [ng Paraiso at Impiyerno], mayroong isang tulad katumbas ng isang tulad, mayroong isang maganda katumbas ng sampung tulad nito, at mayroong isang maganda katumbas ng pitong daan

Ayon kay Khuraym bin Fātik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang mga gawain ay anim at ang mga tao ay apat. [Sa mga gawain] mayroong dalawang tagapag-obliga [ng Paraiso at Impiyerno], mayroong isang tulad katumbas ng isang tulad, mayroong isang maganda katumbas ng sampung tulad nito, at mayroong isang maganda katumbas ng pitong daan. Hinggil sa dalawang tagapag-obliga, ang sinumang namatay nang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang namatay nang nagtatambal kay Allāh nang anuman ay papasok sa Impiyerno. Hinggil naman sa isang tulad katumbas ng isang tulad, ang sinumang nagbalak ng magandang gawa hanggang sa makaramdam nito ang puso niya at makaalam nito si Allāh mula sa kanya ay may itatala para sa kanya na isang maganda at ang sinumang gumawa ng masagwa ay may itatala laban sa kanya na masagwa. [Hinggil naman sa ikalima,] ang sinumang gumawa ng isang gawa ay tutumbasan ng sampung tulad nito. [Hinggil naman sa ikaanim,] ang sinumang gumugol ng isang paggugol sa landas ni Allāh ay may magandang gawa katumbas ng pitong daang maganda. Hinggil naman sa mga tao; may paluluwagan sa Mundo, na gigipitin sa Kabilang-buhay; may gigipitin sa Mundo, na paluluwagan sa Kabilang-buhay; may gigipitin sa Mundo at Kabilang-buhay; at may paluluwagan sa Mundo at Kabilang-buhay."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga gawain ay anim na uri at na ang mga tao ay apat na klase. Ang anim na gawain ay ang sumusunod: UNA: Ang sinumang namatay habang siya ay hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman, maoobliga para sa kanya ang Paraiso. IKALAWA: Ang sinumang namatay habang siya ay nagtatambal kay Allāh ng anuman, maoobliga para sa kanya ang Impiyerno bilang mamamalagi roon. Ang dalawang ito ang dalawang tagapag-obliga. IKATLO: Ang magandang gawang nilalayon. Ang sinumang naglayon na gumawa ng magandang gawa habang siya ay naging tapat sa layunin niya hanggang sa makaramdam siya nito sa puso niya at makaaalam si Allāh mula sa kanya ng layuning ito, pagkatapos may nangyari sa kanya na isang bagay para hindi siya makakaya

na gumawa ng magandang gawang ito, itatala ito para sa kanya bilang isang magandang gawang kumpleto. IKAAPAT: Ang masagwang gawang ginagawa. Ang sinumang gumawa ng isang masagwang gawa, itatala ito para sa kanya bilang nag-iisang masagwang gawa. Ang dalawang ito ay isang tulad katumbas ng isang tulad nang walang pagpapaibayo. IKALIMA: Isang maganda na magiging katumbas ng sampung tulad nito: ang sinumang naglayon ng isang magandang gawa at nakagawa nito, magtatala para sa kanya ng sampung magandang gawa. IKAANIM: Isang magandang gawa na magiging katumbas ng pitong daang magandang gawa: ang sinumang gumugol ng iisang paggugol sa landas ni Allāh, itatala para sa kanya ang magandang gawang ito katumbas ng pitong daang magandang gawa. Ito ay bahagi ng kabutihang-loob Niya (napakamapagpala Siya at napakataas) at pagkamapagbigay Niya sa mga lingkod Niya. Hinggil naman sa apat na klase ng mga tao, sila ay ang sumusunod: UNA: Ang sinumang pinaluwagan sa Mundo sa panustos, na pinaginhawa rito, na nakatatagpo rito ng nilooob niya, subalit siya ay gigipitin sa Kabilang-buhay at ang kahahantungan niya ay tungo sa Impiyerno, siya ay ang mayamang tagatangging sumampalataya. IKALAWA: Ang sinumang ginipit sa Mundo sa panustos, subalit siya ay paluluwagan sa Kabilang-buhay at ang kahahantungan niya ay tungo sa Paraiso, siya ay ang maralitang mananampalataya. IKATLO: Ang sinumang ginipit sa Mundo at Kabilang-buhay, siya ay ang maralitang tagatangging sumampalataya. IKAAPAT: Ang sinumang pinaluwagan sa Mundo at Kabilang-buhay, siya ay ang mayamang mananampalataya.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65014

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee